



Seksyon 4 – Mga benepisyo at serbisyo

Iba pang saklaw na benepisyo at programa ng Aetna Better Health of California

Mga programang street medicine

Maaaring makatanggap ng mga saklaw na serbisyo ang mga miyembrong dumaranas ng kawalan ng tirahan mula sa mga Provider ng Street Medicine sa loob ng network ng provider ng Aetna Better Health of California. Ang isang Provider ng Street Medicine ay isang lisensyadong doktor ng pangunahing pangangalaga o hindi doktor ng pangunahing pangangalaga sa Aetna Better Health of California. Makakapili ang mga miyembrong dumaranas ng kawalan ng tirahan ng isang Provider ng Street Medicine ng Aetna Better Health of California para maging kanilang Provider ng Pangunahing Pangangalaga (PCP), kung natutugunan ng Provider ng Street Medicine ang pamantayan ng pagiging karapat-dapat ng PCP at sumasang-ayon na maging PCP ng miyembro. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa programang street medicine ng Aetna Better Health of California , tumawag sa 1-855-772-9076 (TTY o 711).